5

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MAPEH ARTS 5

**5Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Joyce R. Quiambao |
| **Illustrators:** | Joyce R. Quiambao |
| **Layout Design Editor:** | Dr. Normina B. Hadji Yunnos |
| **Content Editors:** | Pedro D. Gloriani |
| **Management Team:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS - SDO Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Marita D. Aquino , Regional EPS - MAPEH<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Mr. Pedro D. Gloriani , EPS-MAPEH – SDO Pasay City<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, EPS-LRMS - SDO Pasay City |


(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

### Inaasahan
Creates variations of the same print by using different colors of ink in printing the master plate

### Unang Pagsubok
Isulat ang kagamitang nararapat gamitin sa mga sumusunod na sitwasyon. Piliin ang sagot sa kahon.

___________1. Panggupit ng rubber.
___________2. Pangkulay sa larawan.
___________3. Pangguhit sa napiling larawan sa mundo ng pantasya.
___________4. Kagamitang ipapalit kung walang rubber.
___________5. Paglilipatan ng imahe ng inukit na larawan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Papel** | **Gunting** | **Pintura** | **Lapis** | **Karton** |

### Balik-tanaw
Ano ang kahalagahan ng paglilimbag?

_______________________________________________

_______________________________________________

### Maikling Pagpapakilala ng Aralin



Sa araling ito, makikilala ang iba't ibang tauhan ng Haraya.

Ang **kapre** ay isang higante na kawangis ng tao. Pinaniniwalaang nakatira siya sa mga puno ng malalaking akasya, balete at mangga. Ang kapre ay palaging inilalarawan na may dalang tabako.



Ang **duwende** ay isang maliit na nilalang na nakatira sa mga bahay, puno o ilalim ng lupa. Ang mga nilalang na ito ay maaaring magbigay ng kagandahang loob o kamalasan ayon sa kung paano sila pakitunguhan.



Ang **sirena** ay inilalarawan bilang kalahating tao sa itaas na bahagi ng katawan at kalahating isda naman sa pang-ibabang bahagi ng kanyang katawan. Ang sirena ang tagapangalaga ng mga buhay sa karagatan tulad ng mga isda at korales.



Ang **diwata o engkantada** ay isang babaeng may taglay na pambihirang kagandahan. Siya ay kilala bilang tagapag-alaga ng kalikasan. Inilalarawan siyang nakasuot ng mahabang puting damit at mayroong mahabang buhok.

### Gawain
Ang Mundo ng Pantasya

**<u>Mga Kagamitan</u>**


| | | |
|---|---|---|
| Lumang diyaryo | Cutter/Gunting | Bond paper |
| Paint brush | Rubber | Lapis |
| Tinta/Pintura | Stamp pad | Roller |

- Kung walang mahanap na rubber ay gumamit ng makapal na karton

**Hakbang sa Paggawa**

1. Ihanda ang mga kagamitan.
2. Gumuhit sa rubber ng isang nilalang sa mundo ng Haraya o isang tauhan sa pantasya na kinagigiliwan mong panoorin tulad ng sponge bob, pippa pig, barbie at iba pa . Kailangang malinaw ang pagkakaguhit.
3. Sa gabay ng inyong mga magulang o mas nakatatanda, gupitin ang disenyong iginuhit gamit ang cutter o gunting. Siguraduhing magsasagawa ng pag-iingat sa paghawak at paggamit ng cutter.
4. Pintahan ng nais na kulay ang ibabaw ng disenyo gamit ang tinta o pintura. Maaari rin naman gumamit ng stamp pad.
5. Ilipat ang disenyo sa isang papel ng paulit- ulit. Gumamit ng iba't ibang kulay upang maging mas maganda ang inilimbag.









**Tandaan:**

- Ang haraya ay isang imahinasyon, kathang-isip o pantasya
- Ang paglilipat sa papel ng imahe ng ginupit na larawan ay isang paraan ng paglilimbag
- 

**Pag-alam sa Natutuhan**

**PANUTO:** Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang sukatan ng paggawa kung ito ay iyong nasunod.

_______1. Ang larawan ay nabuo sa pamamagitan ng pagguhit at paggupit.
_______2. Nakasunod sa mga panutong binigay sa paglilimbag ng larawan.
_______3. Gumamit ng angkop na kagamitan para sa proseso.
_______4. Malinaw at angkop ang paksa ng larawan
_______5. Maayos at malinis ang pagkakagawa ng paglilimbag.

**Pangwakas na Pagsusulit**

1-3. Maliban sa mga nilalang sa mundo ng Haraya, anu-ano pa ng mga nilalang na kathang-isip lamang?

1.______________ 2. ______________ 3. ______________

4-5. Anong nilalang sa mundo ng pantasya ang iyong nilimbag ng paulit-ulit? Bakit ito ang iyong napili.

______________________________________________________________________
_________________________________________________________________

**Susi sa Pagwawasto**

**Unang Pagsubok**

1. Gunting
2. Pintura
3. Lapis
4. Karton
5. Papel

**Balik-tanaw**

Ang paglilimbag ay mahalaga dahil nananatiling buhay sa iba't ibang salinlahi ang mga katutubong kuwentong bayan sa pamamagitan ng mga nalimbag na mga aklat at komiks.

**Pag-alam sa Natutuhan**

**1.** ✓
**2** ✓
**3.** ✓
**4.** ✓
**5.** ✓

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. Multo
2. Zombie
3. Cartoon Characters

4 – 5. Paglilimbag ng imahe ng sirena ang napili kong likhang-sining dahil paborito ko ang pelikulang Dyesebel. Makulay ang kanilang mundo sa karagatan at magaganda ang mga sirena na aking napapanood.

**Sanggunian:**
Halinang Umawit at Gumuhit, Hazel P. Copiaco, Emilio S. Jacinto Jr., Guide to the Philippines.
https://bit.ly/3rvxtU2
https://bit.ly/2MzzW1e
https://bit.ly/39WdZ5l
https://bit.ly/3rt4gcl